Bawat katawan ay templo na pinananahanan ng espiritu ng taong iyon. Ang Espiritu Santo ay maaari ding manahan sa atin.



**Anyayahan ang isang tao na ikuwento ang isang pagkakataon na nadama nila ang Espiritu Santo.**

Iba-iba ang mga kulay, hugis, at sukat ng mga katawan. Anuman ito, bawat katawan ay maganda.



**Magbigay ng isang bagay na magagawa ng katawan mo.**

Magagawa nating panatilihing malusog araw-araw ang ating mga katawan sa pamamagitan ng paliligo, pagkain ng masustansya, at pag-eehersisyo.



**Magbanggit ng isang bagay na mabuting kainin o inumin at isang bagay na hindi mo dapat kainin o inumin.**

Mapapanatili nating malinis ang ating mga isipan sa pamamagitan ng pagbabasa, panonood, at pakikinig ng mga bagay lamang na nakapag-aanyaya ng Espiritu.



**Umawit ng isang taludtod mula sa paboritong himno sa Primary.**

Magagamit natin ang ating mga katawan sa pagtulong sa mga tao at paggawa ng gagawin ni Jesus.



**Purihin ang isang tao at makipag-apir!**

Dapat alagaan ang iyong katawan nang may pagmamahal at paggalang. Kung may nanakit sa iyo o humawak sa katawan mo na hindi ka komportable, sabihin ito kaagad sa isang nakatatanda na mapagkakatiwalan mo!



**Umulit.**